# MASAYANG **BAHAGI**

## CAPTION **CONTEST**



Sabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008): "Sa lahat ng nabubuhay, magkaroon ng maraming kasiyahan at tawanan. Ang buhay ay dapat tamasahin, hindi lamang tiisin."[1]

May maiisip ka bang nakakatawang caption para sa retratong ito? Ipadala sa email ang iyong ideya sa ftsoy@ChurchofJesusChrist.org bago sumapit ang Disyembre 1.

**TALA**

1. Gordon B. Hinckley, "Stand True and Faithful," pangkalahatang kumperensya ng Abr. 1996 (*Ensign*, Mayo 1996, 94).

"Ako kapag humihingi ng boluntaryo ang Sunday School teacher para magdasal."—Kenzi T.

"Makakatakbo ka, pero hindi ka makakapagtago."—Tyson P.

"Unti-unti siyang nagyelo."—Evelyn, Grace, at Stella B.

"Hindi mo naman ako sinabihang tumalon!!!"—Finneas Y.

"Paalala sa sarili: huwag maghanap ng mga snowboarding tutorial online."—Jackson B.

"Lampas na naman si Santa sa chimney!"—Joseph C.

"At ngayo'y tatalon siya sa tubig na parang bola."—Joie E.

"Kung may umaalis sa tuwid at makitid na landas sa panahon ng taglamig."—Hampton C.

"Ako sa dalampasigan noong tatlong taong gulang ako na nagtatangkang maghukay papunta sa kabilang panig ng mundo."—Samuel W.




Narito ang mga nanalong entry sa caption contest noong Agosto 2023. Marami ka pang makikita online.


## MAGAZINE **SCAVENGER HUNT**

Makikita mo ba ang lahat ng 10 imahe na ito sa magasing ito? Kapag nakakita ka ng isang imahe, itugma ito sa alituntunin ng ebanghelyo mula sa artikulong kinakitaan mo rito.

1. Pagpaplano ng mga aktibidad
2. Pagtulong sa iba na makibagay
3. Makipagkilala, huwag maasiwa
4. Ang katotohanan tungkol sa pagiging disente
5. 10 paraan para maglingkod
6. Maaari tayong "maging isa"
7. Ang iyong karanasan kay Cristo
8. Tularan si Mormon
9. Pagkakaroon ng kagalakan sa paghihirap
10. Ang Liwanag ni Cristo




*Sagot sa pahina 31 at sa 3 Nephi 17:3.*




RYAN STOKER

## HANDA KA NA BA PARA SA ISANG **PALAISIPAN?**

Sa Aklat ni Mormon, sinabi ni Jesus sa mga tao sa lupaing Bountiful (Masagana) na umuwi at magnilay, manalangin, at maghanda para sa muli Niyang pagbisita sa lalong madaling panahon. Matutukoy mo ba kung kailan Siya nagbalik, batay sa palaisipan?

**Palaisipan:** Kung unang bumisita si Jesus sa Bountiful "ngayon," bumalik Siya noong araw bago ang dalawang araw pagkaraan ng araw bago ang bukas.

Bumalik Siya:

**A.** Nang gabing iyon (ngayon)
**B.** Kinabukasan (bukas)
**C.** Pagkaraan ng dalawang araw
**D.** Pagkaraan ng tatlong araw